

Ano ang gusto nating tandaan?

Anong mga diskarte ang binuo ko para makatulong sa pag-unlad at pagkatuto ng anak ko?

Paano nabago ang kakayahan ng anak ko na makilahok sa mga aktibidad sa bahay at komunidad?

Decision Tree para sa Pagpili ng mga Pahayag na Naglalarawan (Pagtatapos)

Ano ang Decision Tree?

Ang Decision Tree ay isang tool na gagamitin ng IFSP team na tutulong sa pagpili ng pahayag na naglalarawan sa pagganap ng iyong anak sa tatlong larangan:

1. Mga positibong relasyon sa lipunan
2. Pagkatuto at paggamit ng mga bagong kasanayan
3. Paggawa ng aksyon para matugunan ang kanilang mga pangangailangan

Mga Bagay na Dapat Tandaan Habang Ginagamit ang Tool na Ito

Isipin kung paano ginagamit ng bata ang mga pangunahing kasanayan para makibahagi sa mga pang-araw-araw na aktibidad sa iba't ibang lugar at kasama ang iba't ibang tao. Dapat magkatugma ang pahayag na gagamitin ng team at ang pagganap ng iyong anak batay sa:


- Mga inaasahan sa anak mo sa mga partikular na kalagayan. Gamitin ang mga karaniwang inaasahan sa iyong tahanan upang magpasya kung naaangkop ang pagganap ng iyong anak sa tahanan sa antas na inaasahan para sa kaniyang edad.
- Kaniyang paggamit ng mga pantulong na teknolohiya/mga adaptation (mga hearing aid, salamin, tulong sa paggalaw, atbp.) kung karaniwang available ang mga ito. Kaniyang aktuwal na pagganap sa anumang kalagayan, hindi ang kanilang pagganap sa ilalim ng magandang kalagayan habang gamit nito ang teknolohiya.
- Ang magkakasunod na edad ng anak mo, kahit na ipinanganak ito nang maaga.

Simulan natin sa Unang Tanong: Gumagamit ba ang bata ng mga pangunahing kasanayan na inaasahan sa kaniyang edad sa larangan ng resulta na ito?

Oo

Hindi

Kung “hindi” ang sagot mo sa unang tanong...



Kung “oo” ang sagot mo sa unang tanong...

